Mga tala sa paggamit

- Kapag naipasok, ang pessary ay matutunaw sa loob ng ari at maaaring tumulo. Mas mainam na gamitin ang pessary bago matulog.
- Ang sintomas ay maaaring mawala ilang araw pagkatapos na simula ang gamutan. Mahalaga na ipagptuloy ang gamutan hanggang ang buong kurso ng gamutan ay makumpleto.

- Huwag huminto sa gamutan habang may regla.
- Mga ilang pessary ay maaaring makasira ng mga kondom at diaphragm. Mangyaring tingnan ang indibidwal na instruksyon ng mga produkto.

Mga posibleng side effect

Pagkatapos na ipasok ang pessary, maaari kang makaranas ng ilang banayad na mga side effect tulad ng tila nasusunod o iritasyon ng ari.

Magpakonsulta kaagad sa iyong doktor kung nakaranas ka ng anumang allergic reaction tulad ng pamamantal ng balat, pamamaga ng mukha o kamay, at nahihirapang huminga.

Pag-iimbak

Itago ang mga gamot sa isang tuyo at malamig na lugar at malayo sa direktang init at liwanag. Kadalasan hindi kailangang iimbak sa loob ng refrigerator maliban na lamang kung nabanggit sa pabalat ng gamot.

Itago ang mga gamot malayo sa naaabot ng mga bata upang makaiwas sa aksidenteng pagkalunok nito.

Ang polyeto ng impormasyon na ito ay bilang sanggunian lamang.

Ang mga gamot ay dapat na gamitin ayon sa utos ng doktor at pharmacist.

Para sa mga katanungan, magpakonsulta sa iyong doktor, kawani sa dispensaryo o iba pang propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan.

Huwag ibahagi ang iyong mga gamot sa ibang tao.

PAANO
gumamit ng
PESSARY

PESSARY
RECTAL SUPPOSITORIES
MEDICINAL MOUTHWASH

Drug Office
Department of Health

Paano gumamit ng Pessary

1 Hugasang maigi ang iyong mga kamay gamit ang tubig at sabon at tanggalin ang ballot.

2 Kuhain ang applicator plunger at ilagay ang pessary sa applicator.

Kung ikaw ay buntis, huwag gumamit ng applicator. Gamitin ang daliri para maipasok ang pessary. Magsuot ng finger cot o guwantes na maaaring itapon kung kinakailangan.

3 Humiga sa kama nang nakabaluktot ang iyong mga tuhod upang mapadali ang pagpapasok ng pessary.



4 Dahan-dahang ipasok ang applicator sa loob ng ari hanggang saan ito ay komportable.

5 Dahan-dahan pindutin ang plunger hanggang huminto ito upang ang pessary mailagay sa loob ng ari. Pagkatapos ay ilagay ang applicator.

6 Hilain ang plunger mula sa applicator. Linisin ang plunger at applicator gamit ang tubig at sabon, tapos ay banlawan at patuyuin. Pagsamahin ang dalawang bahagi na ito at itago sa isang malinis at tuyong lugar.